Tinatanggap natin na nakatira tayo sa mga teritoryo na Treaties 2, 4, 5, 6, 8 at 10 na tradisyonal na lupain ng mga Dakota, Lakota at Métis. Ang pagkilala sa kasaysayang ito ay mahalaga sa ating kinabukasan at sa ating mga pagsisikap na punan ang agwat sa resulta sa kalusugan ng mga Katutubo at hindi-Katutubong tao.

Bilang paggalang sa 6,500 taong nakaligtas sa mga tirahang paaralan na nagbahagi ng kanilang mga kuwento, magsisikap tayo upang isulong ang Mga Tawag para sa Pagkilos ng Komisyon ng Katotohanan at Pagkakasundo. Nangangako tayong tutugunan ang mga epekto ng rasismo, diskriminasyon at trauma.

Gusto nating magkaroon ang lahat ng pagkakataon na maging malusog hangga't maaari. Sama-sama, patuloy tayong magdidisenyo ng isang sistema ng kalusugan kung saan ang pangangalaga ay handang makuha, madaling makuha at patas para sa lahat.

Bilang isang pasyente, bahagi ka ng iyong pangkat sa pangangalagang pangkalusugan. Gusto naming malaman mo kung ano ang maaasahan mo mula sa amin, at kung ano ang inaasahan namin mula sa iyo sa panahon ng iyong pangangalaga. Makakatulong ito sa ating lahat na magkaroon ng pinakamagandang karanasan sa pangangalagang pangkalusugan, nang magkakasama.

*Ang Saskatchewan Health Authority ay nagtatrabaho para sa katotohanan at pagkakasundo, kinikilala ang Saskatchewan bilang tradisyonal na teritoryo ng First Nations at Métis People.*

**Ibahagi ang iyong puna o mga ikinababahala.**

Gusto naming magkaroon ka ng posibleng pinakamagandang karanasan sa pangangalaga. Nangangako kaming gawin kang mahalagang bahagi ng iyong pangkat sa pangangalagang pangkalusugan. Mangyaring ibahagi ang anumang puna, mga tanong o ikinababahala sa pangkat na nangangalaga sa iyo. Maaari mo ring sabihin sa amin ang tungkol sa iyong pangangalaga sa pamamagitan ng pagsagot sa isang survey sa pasyente.

Kung hindi mo malutas ang isang ikinababahala sa pangkat na nangangalaga sa iyo, puwede mong kontakin ang isang Client Concerns Specialist para sa tulong. www.saskhealthauthority.ca/contact/patient-or-client-concerns-and-feedback

Telepono sa Rural: 1-855-778-7708

Telepono sa North: 1-833-484-2577

Telepono sa Saskatoon: 306-655-0250 / 1-866-655-5066

Telepono sa Regina: 306-766-3232 / 1-866-411-7272

*saskhealthauthority.ca*

**TAGALOG**

# ATING PANGAKO SA ISA'T ISA

## Mga Karapatan at Responsibilidad ng Pasyente



Saskatchewan **Health Authority**

***Malusog na mga Tao, Malusog na Saskatchewan***

# BILANG PASYENTE, MAAASAHAN MO NA:

## Aalagaan ka sa ligtas at magalang na paraan.

Nangangahulugan ito na:

- Magbibigay kami ng pangangalaga na walang anumang anyo ng rasismo o diskriminasyon.
- Sasabihin naming sa iyo ang aming mga pangalan at tungkulin bago kami magkaloob ng mga serbisyo sa iyo:.
- Ipaliliwanag namin ang mga bagay sa mga paraang madaling maintindihan.
- Magbibigay kami ng mga serbisyo sa pagsasalin kung hindi Ingles ang iyong katutubong wika.
- Magsisikap kaming suportahan ka kapag gusto mong isama sa iyong pangangalaga ang mga suporta at mga kagawian sa kultura para sa pagpapagaling.
- Magbibigay kami ng mataas na kalidad ng pangangalaga na pribado hangga't maaari.
- Ipaliliwanag namin ang mga panganib at benepisyo ng mga paggamot o pamamaraan bago namin hilingin sa iyo na magdesisyon ka tungkol sa mga ito.
- Pananatilihin naming tumpak at pribado ang iyong impormasyon sa kalusugan.

## Makibahagi sa iyong pangangalaga.

Nangangahulugan ito na:

- Makikipagtulungan kami sa iyo na magtakda ng mga hangarin at gumawa ng mga desisyon tungkol sa iyong kalusugan.
- Makikipagtulungan kami sa iyo para maisama ang iyong mga pili, pangangailangan at pinahahalagahan sa iyong plano ng pangangalaga.
- Susuportahan ka namin para magkaroon ka ng kahit isa lang na miyembro ng pamilya, kaibigan o iba pang tao na makakasama mo sa panahon ng iyong pangangalaga upang suportahan ang iyong kapakanan.
- Tatanungin namin sa iyo kung paano mo gustong makibahagi ang naturang tao sa iyong pangangalaga.
- Tatangunin namin sa iyo ang iyong mga kagustuhan ukol sa pangangalagang pangkalusugan at susuportahan ka upang maintindihan mo kung paano pumili ng isang tao na gagawa ng mga desisyon para sa iyo kapag hindi mo kayang gawin ito.
- Tutulungan kang makuha ang iyong impormasyon sa kalusugan kung gusto mong tingnan ito.
- Hihilingin sa iyo na ibahagi sa amin ang iyong mga ikinababahala at puna. Hindi maaapektuhan sa negatibong paraan ang iyong pangangalaga kung gagawin mo ito.
- Pakikinggan ang iyong mga ikinababahala at gagawin namin ang aming makakaya upang lutasin ang mga ito.

## Hinihingi namin sa iyo na:

- Ipaalam sa pangkat na nangangalaga sa iyo kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong pangangalaga o ikinababahala tungkol sa kaligtasan.
- Tratuhin ang mga tauhan, iba pang mga pasyente, mga pamilya at ang lugar na kinaroroonan mo, nang may respeto.
- Igalang ang pagkapribado ng mga ibang pasyente at mga pamilya.

**Ipaalam sa pangkat na nangangalaga sa iyo kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong mga karapatan at responsibilidad.**